EMBASSY OF THE PHILIPPINES
ISLAMABAD

★★★

Kalayaan 2022: Pagsuong sa Hamon ng Panibagong Bukas Pagdiriwang ng ika-124th Anibersaryo ng Pagpapahayag ng Kasarinlan ng Pilipinas

★★★

Sa pagdiriwiang ng ika-124th anibersaryo ng pagpapahayag ng kasarinlan ng Pilipinas, magdaraos ang Embahada ng Republika ng Pilipinas sa Pakistan ng isang Flag Raising at Wreath Laying ceremony sa lingo, ika-labing dalawa ng Hunyo (12 June 2022).

Ang programa ay magsisimula ng alas-otso (08:00H) ng umaga at gaganapin sa Embahada ng Pilipinas, Zhou-Enlai Avenue, Diplomatic Enclave, G-5, Islamabad.

Mga Puwedeng dumalo:
1. Pilipino (may Pasaporte ng Pilipinas, Embassy ID, o kahit anong valid ID o dokumento na nagpapatunay ng pagkamamamayan na Pilipino);
2. Mga asawa at anak ng Pilipino (kailangan kasama ang magulang o asawa na Pilipino at may dalang sariling valid ID); at
3. Ilang piling panauhin.

Pagpasok sa Diplomatic Enclave
Mag pre-register online para sa ceremony sa pamamagitan ng sumusunod na link: https://forms.gle/QKJui4aqUA3kZLDR6

Siguraduhing dala ang passport o ID na ginamit sa pag pre-register. Mahigpit ang seguridad sa Diplomatic Enclave at tanging ang mga nagpre-register lamang ang makakapasok. Titignan isa-isa ng security sa gate ng Enclave kung nagtutugma ang nagpre-register base sa passport o ID na dala. Bukas ang pre-registration hanggang alas-singko (5pm) ng hapon 05 Hunyo.

Shuttle Service Para sa mga Mangangailangan
Piliin ang "Shuttle Service" sa registration link sa taas. Magbibigay ng libreng shuttle service ang Embahada ng Pilipinas papasok ng Enclave mula alas syete (07:00H) hanggang alas syete y medya (07:30) ng umaga. Ang pick up point ay Total Parco, Isfahani Road, Islamabad (malapit sa diplomatic enclave). Ihahatid din ang mga sasakay sa Total Parco pagkatapos ng programa.

Para sa magdadala ng sariling sasakyan:
1. Piliin ang "Own Car" sa registration link sa taas. Habang papunta sa Embahada, siguraduhin na ang naka-pin sa google maps ay ang Embahada ng Qatar. Katabi nito ay ang Embahada ng Pilipinas. Huwag ilagay sa search ang Embahada ng Pilipinas dahil Embahada ng Azerbaijan ang lumalabas sa google maps.

2. Mayroong designated parking sa labas ng Embahada

Attire:
1. Ipinagbabawal ang mga sumusunod: tsinelas, sleeveless, backless, hanging, plunging neckline, see through, sando, shorts, saya na maikli
2. Ang mga may damit na Filipiñana ay inaanyayahang isuot ito. Kung wala ay ayos lang.

-Magkakaroon ng munting salo-salo sa loob ng Embahada pagkatapos ng ceremony
-Mahigpit na ipapatupad ang mga COVID-19 protocol tulad ng social distancing, at no-mask, no entry policy. Siguraduhin din na may dalang proof of vaccination.

Mag-message sa Embassy Facebook page para sa mga katanungan.
https://www.facebook.com/PHInPakistan